

Mayo 2026

IMPORMASYON PARA SA MGA PILIPINO

フィリピン語

# Koshigaya Messenger No.374

Ang Koshigaya Messenger ay na lumalabas kada unang linggo ng buwan.

Tumawag sa opisina kung may katanungan, at iba pa tungkol dito.

FOR INQUIRIES: Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building - 3F  
Community Activity Support Section



Website♪



Instagram♪



## Mga Nilalaman...

- ◆Page 1: Mga bakante na municipal housing
- ◆Page 2: Emergency drill para sa mga dayuhang residente atbp. Disaster prevention festival sa Laketown Saitama Prefectural Police FB & LINE account
- ◆Page 3: Disaster preparedness guidebook Tomoni Aruko (Bagong CIR sa Koshigaya)
- ◆Page 4: Japanese Classes sa buwan ng Mayo

## CONSULTATION SERVICES FOR FOREIGN RESIDENTS (FREE)

- ✓Koshigaya City Hall Main Building 3<sup>rd</sup> floor 9:00-am - 4:30pm, Monday to Friday
- ✓Community Activity Support Center Koshigaya Twin City B - City 5<sup>th</sup> floor 10:00am - 4:30pm, Everyday
- \*Visa-Related Consultation (every 3<sup>rd</sup> Wednesday)
- \*Legal Consultation (every 4<sup>th</sup> Wednesday)
- (\*Kailangan magpa reserba muna bago magpunta



## MGA BAKANTE NA MUNICIPAL HOUSING

SAAN (PROPERTY NAME)	FLOOR PLAN, ETC.	BANKANTE
Kawayanagi Medium-Rise Housing	2K (1 bedroom + kitchen) *Mula 2 tao na okupante	1 unit
Shichizacho Medium-Rise Housing	2DK (2 bedrooms + dining and kitchen) *Mula 2 tao na okupante	1 unit
Nishi Obukuro Medium-Rise Housing *Bahay para sa seniors o matatanda	1DK (1 bedroom + dining and kitchen) *Kahit 1 okupante pwede	1 unit
Nishi Obukuro Medium-Rise Housing *Bahay para sa mga may maliliit na anak	3DK (3 bedrooms + dining and kitchen) *Mula 3 tao na okupante	1 unit
Nishi Obukuro Medium-Rise Housing *Bahay para sa mga naka wheelchair *Bahay na nagkaroon ng aksidente atbp.	1LDK (1 bedroom + living, dining and kitchen) *Kahit 1 okupante pwede	1 unit

PERIOD NG APLIKASYON: Hunyo 1 - 21

PAANO MAG-APPLY: Ipadala ang aplikasyon by postal mail. Tingnan ang detalye sa gabay ng aplikasyon. Makukuha ito simula Hunyo 1 sa mga sumusunod na lugar:

City Hall → Entrance Bldg. Information Counter - 1F, Housing & Construction Section - Main Bldg. 6F

City Hall Branch, etc. → Hokubu Shu'chojo, Nambu Shu'chojo, bawat Community Centers

\*Pwede ring tingnan ang gabay ng aplikasyon sa website ng Koshigaya.

### IMPORMASYON:

Saitama Housing Provision, Municipal Housing Division  
(SAITAMAKEN JUTAKU KYUKOSHA SHICHOSON' EI JUTAKU KA)

☎048-829-2873 / 8:30am - 5:15pm (Maliban kung Sabado, Linggo at holidays)

Address: 〒330-8516 Saitama-shi Urawa-ku Nakamachi 3-12-10



## DISASTER PREVENTION DRILL 2026

Ang Japan ay isa sa bansa na may maraming natural disasters tulad ng lindol, baha at iba pa. Upang maging handa at maprotektahan ang sarili at mga mahal sa buhay tuwing may kalamidad, importante na magkaroon ng regular na disaster prevention drill. Ngayong taon ay magkakaroon na naman ng libreng disaster prevention drill sa Koshigaya. Kahit sino, mga bata, adults, Japanese, foreigners, ay pwedeng sumali. May ipamimigay na souvenirs pagkatapos ng event. Sali na!

**KAILAN:** Hunyo 13, Sabado; 9:00am – 12:00noon (Magpunta sa venue hangang 8:50am)

**SAAN:** Koshigaya Fire Department (8-minute walk mula Kita-Koshigaya station, east exit)

**DEADLINE NG PAGPA RESERBA PARA SUMALI:** Hunyo 5, Biyernes

\*Magpa reserba online o di kaya tumawag o magpunta sa opisina.

**IMPORMASYON:** Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA)

City Hall Main Building 3F,

☎048-963-9114 (9:00am – 5:00pm / Lunes – Biyernes)

\*Pwedeng tumawag sa wikang English, Filipino (Tagalog), Chinese at Vietnamese

\*Magdala ng inumin, at magsuot ng damit/sapatos na maging kumportable ang pagkilos



For reservation

## LAKETOWN DISASTER PREVENTION FESTIVAL 2026

**KAILAN:** Mayo 23 – 24, 10:00am – 4:00pm

**SAAN:** AEON Laketown Kaze & Mori, Laketown Outlet Q-Parking Space, Community Development Center (Mizube no Machi Zukuri Kan), atbp.

**ANO:** Festival na pwedeng ma-enjoy ng lahat, bata man o adults

- Display ng mga special at emergency vehicles
- Training at drill kung paano gamitin ang AED
- Tips kaugnay sa kaligtasan ng mga pets tuwing emergency, atbp.

**MAGKANO:** May bayad sa iilang hands-on corner, mga paninda atbp.

**APLIKASYON:** Direktang magpunta sa venue.

\*May activities na kailangan ng prior reservation atbp. Tingnan sa website ang detalye.

**IMPORMASYON:** Laketown Emergency Preparedness Festival Committee

☎050-3085-8262



Para sa detalye

**EMERGENCY  
PREPAREDNESS  
CORNER**

### MAY KOPYA KA NA BA NG DISASTER PREPAREDNESS GUIDEBOOK?

Ang Koshigaya disaster preparedness guidebook ay naglalaman ng impormasyon upang maging handa at mabawasan ang anumang pinsala at iba pa tuwing may lindol, baha atbp. Humingi ng kopya at gamitin ito bilang gabay sa iyong paghahanda.

**SAAN PWEDE MAKAKUHA NG KOPYA:** City Hall Main Building 3F


✓ Crisis Management Office ✓ Community Activity Support Section



Disaster Preparedness Guidebook in English  
(PDF download)



Disaster Preparedness Guidebook in simple and  
easy Japanese, English, Chinese and Vietnamese



# SAITAMA PREFECTURAL POLICE FB & LINE ACCOUNT

Sa FB at LINE account ng Saitama Prefectural Police, naka-post ang mga impormasyon, na makakatulong sa mga dayuhang residente upang maging ligtas at kumportable ang paninirahan sa bansa, lalo na ang impormasyon kaugnay sa batas at iba pa. I-add ang Saitama Prefectural Police sa friend's list, etc. upang makatanggap ng impormasyon.

**Facebook**

<https://www.facebook.com/sppkokusaisousaka>



**LINE**

<https://lin.ee/oDZeX2s>



\*\*\*\*\*

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji-san

## Bagong CIR sa Koshigaya City Hall

Hello, kumusta ka? Ako si Satoko Suwa, bagong CIR (Coordinator for International Relations) sa Koshigaya city hall. Lumaki ako sa Koshigaya ngunit nakatira sa ibang lugar simula noong ako ay nagtatrabaho na. Bumalik ako sa Koshigaya noong nakaraang taon kasama ang aking anak at asawa na amerikano. Ngayon ay kasama naming nakatira ang aking ina. Masaya ako na nakabalik sa Koshigaya at nakapag trabaho sa lugar kung saan ako lumaki. Naalala ko na palagi kaming naglalaro at namimingwit

ng ulang o crayfish ng aking kapatid sa pond malapit sa lumang gusali ng city hall.

Dahil sa ang aking asawa ay amerikano, marami akong kaibigan mula sa iba't-ibang bansa na nakatira sa Japan. May palagi kaming pinupuntahan na Indian curry at Chinese restaurant, at naging kaibigan namin ang nagtatrabaho sa restaurant. Naging malapit kami sa isa't-isa at madalas kaming lumalabas kasama ang bawat pamilya para mamasyal at kumain sa labas. Minsan ay nagtatanong sila sa akin tungkol sa kanilang mga natanggap na sulat, notipikasyon at iba pa na nakasulat sa wikang Hapon. Alam ko na mahirap talaga ang salitang Hapon. Kahit ang mga Hapon na katulad ko ay mahihirapan din minsan sa mga nakasulat sa mga opisyal na nitopikasyon at iba pa. Ang aking asawa nga ay 8 taon na dito sa Japan. Ngunit, hanggang ngayon ay nakikisabay pa rin siyang mag-aral ng Japanese sa aming anak na grade 1. Kung kayo ay nahihirapan din na maintindihan ang mga natanggap na sulat, dokumento at iba pa, subukan na humingi ng tulong sa mga Hapon na kakilala ninyo. O di kaya huwag mag-alinglangan na magpunta sa consultation counter for foreign residents sa Koshigaya city hall o sa Community Activity Support Center na malapit sa Koshigaya station upang matulungan. Ikinagalak namin na makapag bigay ng serbisyo lalo na sa mga nangangailangan.

Maiba tayo, masaya ako na maipapatuloy ang tradisyon, kultura, kustumbre at iba pa tulad ng pagsuot ng kimono, at iba pa. Noong bumisita sa Japan ang pamilya ng aking asawa, tuwang-tuwa sila na maranasan ang pagsuot ng kimono. At noong nakaraang taon din ay pinalitan ng aking asawa ng shoji paper ang partiyon ng bahay. Minsan ay nagkakaroon kami ng cooking sessions ng aking mga kaibigan mula sa iba't-ibang bansa.

Sana ang aking karanasan ay makakatulong sa pagpapalaganap ng isang multikulturang pamayanan. Sisikapin kong maging instrumento at maging tulay sa pagkakaisa ng lahat na naninirahan sa komunidad, maging Hapon man o dayuhan.

*\*Ang orihinal sa column na ito ay nakasulat sa wikang Hapon at mababasa sa simplified Japanese version ng Koshigaya Messenger.*

# JAPANESE LANGUAGE CLASSES CALENDAR – MAYO 2026

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
*May pasok o pasok kung nakasulat sa kalendaryo ang pangalan ng grupo o organisasyon.					1 ☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	2 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
3 Constitution Day	4 Greenery Day	5 Children's Day	6 Substitute Holiday	7	8 ☆Nihongo de Go! (Minami Koshigaya Community Center)	9 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
10	11	12 ☆Nihongo Circle	13	14 ☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	15 ☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	16 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
17	18	19 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	20	21 ☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	22 ☆Nihongo de Go! (Coop Plaza Koshigaya)	23 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
24	25	26 ☆Nihongo Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	27	28	29	30 ☆Lingual Koshigaya
31						

GRUPO/ORGANISASYON	KAILAN	SAAN AT PINAKAMALAPIT NA TRAIN STATION
<b>NIHONGO CIRCLE</b> <b>【 ¥ 100 PER LESSON 】</b> <small>*Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)</small>	<u>Miyerkules</u> 10:00am ~ 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎048-974-5642 (SHIRATA-SAN)
<b>KOSUMO NIHONGO SALON</b> <b>【 ¥ 100 PER LESSON 】</b>	<u>Miyerkules</u> 7:00pm ~ 8:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoico 16-1 Koshigaya Twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5347-2041 (KOJIMA-SAN)
<b>NIHONGO DE GO!</b> <b>【 ¥ 100 PER LESSON 】</b>	<u>Biyernes</u> 1:30pm ~ 3:30pm	(1) SAAN: Coop Plaza Koshigaya (ADRES: Minami Koshigaya 5-4-37) (2) SAAN: Minami Koshigaya Community Center – Palette (ADRES: Minami Koshigaya 4-21-1) STATION: Shin Koshigaya Station West Exit (5-6 min. walk) IMPORMASYON: ☎090-5574-7070 (TAKAYAMA-SAN)
<b>LINGUAL KOSHIGAYA</b> <b>【 LIBRE 】</b>	<u>Sabado</u> 10:00am ~ 12:00noon	SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1) STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk) IMPORMASYON: ☎080-3478-3314 (SUZUKI-SAN)
<b>TABUNKA KODOMO</b> <b>GAKUSHU JUKU 【 LIBRE 】</b>	<u>Sabado (1<sup>st</sup> &amp; 3<sup>rd</sup>)</u> 1:30pm ~ 3:30pm	SAAN: Community Activity Support Center (ADRES: Koshigaya-shi Yayoicho 16-1 Koshigaya twin City B-City 5F) STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-7422-2002 (OGAWA-SAN)
<b>KOSUMO KODOMO KYOSHITSU</b> <b>&amp; KOSUMO NIHONGO SALON</b> <b>SENGENDAI 【 LIBRE 】</b>	<u>Sabado</u> 1:30pm ~ 3:30pm	SAAN: Resona Youth Base (Saitama Resona Sengendai Branch 3F) (ADRES: Koshigaya-shi Sengendai 1-5-17) STATION: Sengendai Station West Exit (3-min. walk) IMPORMASYON: ☎090-8310-9522 (INCHARGE)

